

## **ORDINANSA BLG. 2022-01**

### **ISANG ORDINANSANG PINAGTITIBAY ANG POLISIYA SA PAGPUTOL NG RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG AT INAAMYENDAHAN ANG SEKSYON 15 AT 16 NG ARTIKULO II NG ORDINANSA 82-1**

#### **DISTRITO NG TUBIG NG PURISSIMA HILLS**

**KUNG SAAN**, noong Hunyo 8, 1982, pinagtibay ng Lupon ng mga Direktor (Lupon) ng Distrito ng Tubig ng Purissima Hills (Distrito) ang Ordinansa 82-1. Itinatag ang Mga Polisiya at Regulasyon para sa Pagbibigay ng Serbisyo ng Tubig ng Distrito; at

**KUNG SAAN**, noong 2018, isinabatas ng estado ang SB 998, na may nakasaad na layuning magbigay ng karagdagang proteksyon at pananggalang sa pamamaraan para sa mga kostumer ng tubig na pang-residensyal sa California (SB 998); at

**KUNG SAAN**, iniaatas ng SB 998 sa panlungsod at pangkomunidad na mga sistema ng tubig na nagsu-supply ng tubig sa mahigit 200 koneksyon na magkaroon ng nakasulat na polisiya sa paghinto ng serbisyo ng tubig sa ilang uri ng mga tirahan dahil sa hindi pagbabayad, at magbigay ng polisiya sa iba't ibang wika; at

**KUNG SAAN**, ipinagbabawal din ng SB 998 na ihinto ang residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa utang mula sa hindi nababayaran bayarin, hangga't hindi pa lumalampas sa 60 araw ang utang, at nagtatakda ng espesipikong pamantayan; at

**KUNG SAAN**, ang Distrito ay isang panlungsod at pangkomunidad na sistema ng tubig na nagbibigay ng tubig sa mahigit 200 koneksyon; at

**KUNG SAAN**, ang Distrito, bilang bahagi ng mga pagsisikap sa pagtulong may kinalaman sa COVID-19 at alinsunod sa mga Ehekutibong Kautusan ni Gobernador Newsom, ay pansamantalang sinusupinde ang lahat ng aksyong may kinalaman sa mga delingkwente o may pagkakautang na account sa tubig na pang-residensyal, kasama na ang mga pagsasara; at

**KUNG SAAN**, ninanais na ngayon ng Distrito na pagtibayin ang isang ordinansa may kaugnayan sa pagsasara ng tubig at mga delingkwenteng account upang matugunan ang mga obligasyon ng Distrito sa ilalim ng California Government Code Section 60370 et seq., California Public Utilities Code Section 10001 et seq. at Health and Safety Code Section 116900 et seq.; at

**KUNG SAAN**, ang ordinansang ito ay magiging available at ipo-post sa website ng Distrito sa English, Spanish, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Korean, at anupamang wika na ginagamit ng di-bababa sa 10% sa lugar na pinagseserbisyuhan ng Distrito.

#### **NGAYON, SAMAKATUWID, PAGTITIBAYIN NG LUPON NG MGA DIREKTOR NG DISTRITO NG TUBIG NG PURISSIMA HILLS ANG MGA SUMUSUNOD:**

##### **SEKSYON 1. PAGBABAYAD SA RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG.**

Inaatasan ang bawat taong tumatanggap ng serbisyo ng tubig mula sa Distrito na bayaran ang naturang serbisyo sa loob ng 30 araw ng pagpapadala ng statement o singilin. Maliban sa ipinagbabawal ng batas, magkaroon ng karapatan ang Distrito na putulin ang serbisyo ng tubig

dahil sa kabiguang maibigay ang bayad nang kumpleto at napapanahon. Hindi ihihinto ang residensyal na serbisyo dahil sa di-pagbabayad hangga't ang naturang account ay hindi pa umaabot ng 60 araw na delingkwente o may pagkakautang. Hindi ihihinto ng Distrito ang serbisyo sa katapusan ng linggo, pista opisyal o kapag sarado ang mga opisina ng Distrito.

## **SEKSYON 2. PAGTUTOL SA ISANG SINGIL.**

Kung naniniwala ang kostumer na sila ay siningil nang labis para sa residensyal na serbisyo ng tubig o siningil para sa residensyal na tubig na hindi ibinigay, maaaring tutulan ng kostumer ang halagang dapat bayaran sa pamamagitan ng pag-aabiso sa Distrito sa loob ng sampung (10) araw sa kalendaryo pagkatanggap ng statement o singilin sa pamamagitan ng pag-email sa [billing@purissimawater.org](mailto:billing@purissimawater.org) o sa pagsulat sa 26375 W. Fremont Road, Los Altos Hills, CA 94022. Susuriin ng Distrito ang impormasyong ibinigay ng kostumer at iimbestigahan ang bagay na iyon. Magsasagawa ng desisyon ang General Manager base sa lahat ng impormasyon at magkakaroon siya ng awtoridad na baguhin ang halagang dapat bayaran sa patas at pantay na paraan, kung naaangkop.

Kung hindi sumasang-ayon ang kostumer sa desisyon, ang kostumer ay maaaring, sa loob ng pitong (7) araw sa kalendaryo mula sa desisyon ng General Manager, iapela ang desisyon sa Lupon ng mga Direktor, sa pamamagitan ng pag-email o sa pagsulat sa mga address sa itaas. Rerepasuhin ng Lupon ng mga Direktor ang rekord at magpapasiya sa susunod nitong regular na pagpupulong ng Lupon ng mga Direktor. Kung ang susunod na pagpupulong ng Lupon ng mga Direktor ay nakaiskedyul nang wala pang tatlong (3) araw mula sa desisyon ng General Manager, rerepasuhin ng Lupon ng mga Direktor ang rekord at magpapasiya sa susunod na pagpupulong. Ang desisyon ng Lupon ng mga Direktor ay magiging pangwakas.

## **SEKSYON 3. PAUNAWA NG PAGPUTOL SA RESIDENSYAL NA SERBISYO.**

Magbibigay ang Distrito sa mga kostumer at/o aktuwal na gumagamit ng paunawa ng delingkwenteng pagbabayad at napipintong pagputol ng serbisyo, gaya ng inaatas ng batas.

## **SEKSYON 4. PAG-IWAS SA PAGPUTOL NG RESIDENSYAL NA SERBISYO.**

Ang mga kostumer at/o aktuwal na gumagamit ay maaaring makipag-ugnayan sa kinatawan ng Distrito sa (650) 948-1217 para talakayin ang mga opsyon upang maiwasan ang pagputol ng residensyal na serbisyo dahil sa di-pagbabayad.

Maaaring hilingin ng kostumer na aprubahan ng Distrito ang alternatibong opsyon ng pagbabayad para maiwasan ang pagputol, kasama na ang plano ng pagbabayad na inantala (deferred) o binawasan (reduced), isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang kasunduan upang bayaran nang hulugan ang delingkwenteng halaga. Sa oras ng naturang kahilingan, ang kostumer ay magbibigay sa Distrito ng dokumentasyong nagpapatunay na ang singilin ay hindi kayang bayaran nang buo ng kostumer sa karaniwang panahon para sa pagbabayad.

Sa pangkalahatan, maaaring igawad ng Distrito ang anumang naturang kahilingan sa sarili nitong pagpapasiya, pero igagawad nito ang naturang kahilingan, at hindi puputulin ang residensyal na serbisyo ng tubig, kung matutugunan ang lahat sa sumusunod na mga kondisyon:

1. Ang kostumer, o ang nangungupahan sa kostumer, ay magsusumite sa Distrito ng sertipikasyon ng provider ng pangunahing pangangalaga (gaya ng inilalarawan sa seksyon 14088(b)(1)(A) ng Welfare and Institutions Code) na ang paghinto sa residensyal na serbisyo ay magsasapanganib ng buhay, o magiging sanhi ng

mapanganib na banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente sa lugar kung saan ibinibigay ang residensyal na serbisyo; AT

2. Ipinapakita ng kostumer na sila ay walang kakayahan sa pinansyal para bayaran ang residensyal na serbisyo ng tubig sa loob ng karaniwang siklo ng pagbabayad sa Distrito sa pamamagitan ng pagtugon sa isa sa sumusunod:
  - a. Ang isang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o
  - b. Idinedeklara ng kostumer na mas mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan ang taunang kita ng kaniyang sambahayan; AT
3. Handa ang kostumer na pumasok sa kasunduan ng pagbabayad nang hulugan, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o plano ng pagbabayad na inantala (deferred) o binawasan (reduced), na naaayon sa Polisiyang ito.

Pagkatapos maipakita ang nabanggit o sa sarili nitong pagpapasiya, kung naaangkop, mag-aalok ang Distrito sa kostumer ng isa o higit pa sa sumusunod na mga opsyon:

1. Pagbabayad nang hulugan sa natitirang balanse.
2. Isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad.
3. Bahagya o buong pagbabawas sa di-nabayarang balanse.

Maaaring piliin ng Distrito kung aling opsyon sa pagbabayad ang isasagawa ng kostumer at maaari itong magtakda ng mga pamamaraan ng opsyon sa pagbabayad na iyon, sa sariling pagpapasiya ng Distrito. Anumang piniling opsyon sa pagbabayad ay dapat na magresulta sa buong muling pagbabayad ng natitirang balanse sa loob ng 12 buwan, pero maaaring igawad ng Distrito ang mas mahabang panahon kung kakailanganin ito para maiwasan ang di-nararapat na paghihirap base sa partikular na mga kalagayan ng kostumer.

## **SEKSYON 5. PAGPUTOL SA KARAGDAGANG SERBISYO.**

Kung tumatanggap ang kostumer ng serbisyo ng tubig sa mahigit sa isang lokasyon at ang singilin sa serbisyo sa isa sa mga lokasyon ay hindi nabayaran at puputulin na alinsunod sa Ordinansang ito, ang serbisyo sa naturang kostumer sa lahat ng lokasyon ay maaaring putulin.

Maaaring tumanggi ang Distrito na magbigay ng serbisyo ng tubig sa bagong pag-aaring lugar ng kostumer kung ang singilin para sa serbisyo sa kostumer na iyon sa iba pang lokasyon ay hindi nabayaran at puputulin na alinsunod sa Ordinansang ito.

## **SEKSYON 6. PAG-AMYENDA SA ORDINANSA 82-1.**

Pinawawalang-bisa ang Seksyon 15.C, 15.D, 15.E at 16.A ng Artikulo II ng Ordinansa 82-1, Mga Polisiya at Regulasyon ng Distrito para sa Pagbibigay ng Serbisyo ng Tubig.

## **SEKSYON 7. PAGHIHIWALAY (SEVERABILITY).**

Kung sakaling ang anumang seksyon, sugnay o probisyon sa Ordinansang ito ay mapagpapasiyahan

bilang hindi wasto o labag sa konstitusyon, ang naturang seksyon, sugnay, o probisyon ay ituturing na maaaring ihiwalay (severable) at ang lahat ng iba pang seksyon nito ay mananatiling may ganap na bisa at epekto. Layunin ng Distrito na pagtibayin ang lahat ng iba pang bahagi ng Ordinansang ito, ang anumang bahagi man ng naturang porsyon ay idineklarang hindi wasto o labag sa konstitusyon

**SEKSYON 8. PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA.**

Ang Ordinansang ito ay magkakaroon ng ganap na bisa at epekto, 30 araw pagkatapos pagtibayin.

Pinagtibay nitong Hulyo 13, 2022, ayon sa sumusunod na boto ng Lupon:

OO: Sila Direktor Jordan, Stone, Glassman, at Holtz.

HINDI:

LUMIBAN: Direktor Ranganathan



\_\_\_\_\_  
Presidente, Lupon ng mga  
Direktor  
Distrito ng Tubig ng Purissima  
Hills

LABAG:



\_\_\_\_\_  
Kalihim ng Distrito